55 lying-in clinics, pinarangalan ng QC

Balita · 8 Nov 2019 · 4

Limampu't limang lying-in clinics ang pinagkalooban ng Quezon City Government at ng Quezon City Health Department ng Seal of Excellence Award sa pagiging fully compliant ng mga ito sa mga standards ng Department of Health (DoH) at pati na rin sa mga requirements ng local government para sa mga health facilities na nagbibigay ng serbisyong maternal and child health.



Ang pagkakaloob ng Seal of Excellence sa mga compliant lying-ins at birthing clinics ay nagsimula bilang implementasyon ng isang city ordinance para mapababa angmga insidente ng maternal mortality o pagkamatay sa panganganak ng mga nanay at ng kanilang sanggol.
Si Quezon City Mayor Joy Belmonte ang mismong namahagi ng Seal of Excellence plaque samga awardees. Aniya ang award ay nagpo-promote ng "healthy competition, innovation, and culture of excellence". Kaya naman, dahil sa taunang parangal, maraming clinics ang mas inayos pa ang kanilang mga serbisyo at pinursiging maging kwalipikado, mula 23 porsyentong compliance nang ito ay mailunsad noong 2016, ngayong taon (2019), 63 porsyentonaang compliant o 55 clinics mula sa 80-plus na clinics sabuong siyudad.
Hinamon din ni Belmonte ang mga clinic at iba pang organisasyon na bahagi ng pagpaparangal na gawing 100 porsyento ang compliance rate sa susunod na taon.